# Ano ang pamamaraan para magpalit ng trabaho sa Qatar?

State of Qatar
وزارة العمل
MINISTRY OF LABOUR

Ang lahat ng mga manggagawa sa Estado ng Qatar ay maaaring magpalit ng tagapag-empleyo nang walang Sertipikasyon ng Hindi Pagtutol (No Objection Certificate, NOC).

*Ang mga hakbang sa ibaba ay naaangkop sa mga manggagawa sa pribadong sektor na sakop ng Batas sa Paggawa Blg. 14 ng 2004, mga domestikong mangagawa , mga manggagawang pang-agrikultura at nagpapastol, at mga mangingisda. Upang magpalit ng tagapag-empleyo, dapat sundin ang mga sumusunod na hakbang:*

**1 Dapat isumite ng manggagawa ang aplikasyon para magpalit ng trabaho sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng Ministri ng Paggawa (MoL):**

- Ang manggagawa ay dapat mag-print, punan at lagdaan ang form na "**Magpalit ng tagapag-empleyo**". Ang bagong tagapag-empleyo ay kailangan ding lumagda at idagdag ang opisyal na selyo ng kumpanya sa form. Kung sakaling ang manggagawa ay lumipat ng trabaho upang magtrabaho sa isang pribadong sambahayan, ang lagda ng bagong tagapag-empleyo ay sapat na.
- Ang manggagawa ay dapat mag-log in sa **MoL elektronikong sistema** gamit ang kanyang Qatari ID (QID) at numero ng mobile at pagkatapos ay mag-upload ng kopya ng nilagdaang form. Ang numero ng mobile ay dapat na naka-ugnay sa QID ng manggagawa.

**2 Kapag naisumite na ang aplikasyon, ang EC (Pagpapalit ng Tagapag-empleyo o Employer change) na numero ay lalabas sa screen. Ang numerong ito ay nagpapatunay na ang aplikasyon ay matagumpay na naisumite.**

- Dapat itabi ng mga manggagawa ang rekord ng numero ng EC.
- Sa anumang oras, maaaring suriin ng mga manggagawa ang katayuan ng kanilang aplikasyon sa pamamagitan ng pag-log in sa **Ministri website** gamit ang kanilang numero ng QID at EC.
- Maaaring kanselahin ng mga manggagawa ang kanilang aplikasyon sa anumang oras bago maaprubahan ang kahilingan, sa pamamagitan ng **MoL elektronikong sistema**.
- Maaari ring kanselahin ng mga manggagawa ang kanilang aplikasyon pagkatapos makatanggap ng pag-apruba sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa MoL, hangga't hindi pa napatotohanan ang kanilang bagong kontrata sa pagtatrabaho. Dapat silang magsumite ng isang nilagdaang liham sa wikang Arabe na naka-address sa Pinuno ng Departamento ng Ugnayan sa Paggawa. Sa liham na ito, dapat nilang ilagay ang isang maikling paliwanag kung bakit nila hinihiling na kanselahin ang kanilang aplikasyon kasama ang numero ng EC na ibinigay sa oras ng pagsusumite ng aplikasyon, kopya ng kanilang QID at numero ng mobile.

**3 Ang Ministri ay maaring tumanggi sa isang aplikasyon upang lumipat ng trabaho kung, halimbawa, ang manggagawa ay hindi nakumpleto nang tama ang form o ang bagong tagapag-empleyo ay pinipigilan na kumuha ng mga bagong manggagawa.**

**4 Kapag naproseso na ang aplikasyon, ang manggagawa ay makakatanggap ng SMS mula sa Ministri na nagkukumpirma sa pagbabago ng trabaho at ang panahon ng abiso.**

Sa puntong ito parehong aabisuhan ang kasalukuyan at bagong mga tagapag-empleyo.

- Kung ang manggagawa ay nagtrabaho para sa kasalukuyang tagapag-empleyo sa loob ng 2 taon o mas maikli, ang panahon ng abiso ay 1 buwan.
- Kung ang manggagawa ay nagtrabaho nang higit sa 2 taon, ang panahon ng abiso ay 2 buwan.
- Ang pagtatapos ng panahon ng abiso ay isasaad sa SMS mula sa Ministri.
- Ang manggagawa ay dapat na magpatuloy sa pagtatrabaho sa kasalukuyang tagapag-empleyo sa panahon ng abiso maliban kung ang manggagawa at ang kasalukuyang taga-empleyo ay magkasundo na bawasan ang panahon ng abiso.

**5 Kapag nakumpleto na ang panahon ng abiso, ihahanda ng bagong tagapag-empleyo ang kontrata sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng Digital na Sistema ng Pagpapatotoo para sa isang Maramihang Wika na Kontrata sa Pagtatrabaho ng Mol.**

Kailangan itong makumpleto sa loob ng tatlong buwan mula sa pagtatapos ng panahon ng abiso ng manggagawa. Kapag napunan na ang lahat ng impormasyon, ang bagong tagapag-empleyo ay magpi-print ng kontrata sa pagtatrabaho na lalagdaan ng manggagawa at ng bagong tagapag-empleyo. Kung ang manggagawa ay sumang-ayon sa mga probisyon sa kontrata, maaari niyang lagdaan ito.

- Ang bagong tagapag-empleyo ay mag-a-upload ng nilagdaang kontrata sa website ng Ministri para sa pagpapatotoo.
- Sa pagtatapos, ang bagong tagapag-empleyo ay kailangang magbigay ng kopya ng napatotohanang kontrata sa pagtatrabaho sa manggagawa.

**6 Pagkatapos mapatotohanan ang kontrata sa pagtatrabaho, ang bagong tagapag-empleyo ay dapat magsumite ng kahilingan para sa bagong QID ng manggagawa sa Ministri ng Panloob (Ministry of Interior).**

**7 Ang manggagawa ay maaari na ngayong magsimula ng kanyang bagong trabaho**

Ang manggagawa ay makakatanggap ng isang bagong QID (walang bayad) mula sa bagong tagapag-empleyo.

## Tandaan

Ang parehong mga manggagawa at tagapag-empleyo ay maaaring mag-download ng kopya ng kontrata sa pagtatrabaho anumang oras sa pamamagitan ng **portal ng MoL**.

## Mga kapaki-pakinabang na link

**Isumite ang inyong aplikasyon para magpalit ng trabaho**

**Suriin ang katayuan ng inyong aplikasyon sa pagpapalit ng tagapag-empleyo**

**Magsumite ng reklamong nauugnay sa paggawa sa MOL**

## SAAN PA AKO MAKAHAHANAP NG KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Ministri ng Paggawa sa hotline **40288101**, Email **info@mol.gov.qa**, Website **www.mol.gov.qa** o bisitahin ang aming mga opisina.